

Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Silangang Mindoro  
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-37 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 27 SETYEMBRE 1999, GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG BARANGAY MARASKA.

-----  
Mga Dumalo:

|                                  |                                 |
|----------------------------------|---------------------------------|
| Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr. | - Tagapangulo                   |
| Konsehal Jesus S. Dela Cruz      |                                 |
| Konsehal Cesar T. Baticos        |                                 |
| Konsehal Ramil O. Dimapilis      |                                 |
| Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.   |                                 |
| Konsehal Eduardo K. Soriano      |                                 |
| Konsehal Juan S. Advincula       |                                 |
| Konsehal Angeles D. Bautista     |                                 |
| Konsehal Mae Arlene M. Talens    |                                 |
| Konsehal Eduardo G. Villamin     | - Pangulo, Liga ng mga Barangay |

Hindi Nakadalo: Konsehal Randy P. Valencia - Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

-----  
KAPASYAHAN BLG. 091  
Taong 1999

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG MARASKA AT MGA MAMAMAYAN NITO SA MAINIT NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKA'T isa sa pangunahing layunin ng ating pamahalaan ay ang ipaabot hanggang sa mga liblib na pook ang mga programa at proyektong makatutulong sa pag-unlad ng tao at ng pamayanan;
- SAPAGKA'T ang paglalapit na ito ng gobyerno sa mga pamayanan ay makatutulong nang malaki upang makita at madama ng mga namumuno sa nakatataas na yunit ng pamahalaan ang mga pangangailangan at karaingan ng mga taong-bayan at sa gayon sa pagtutulongan ng mga kinauukulang tao at ahensya ay mabigyan ito ng dagli at karampatang aksyon;
- SAPAGKA'T isa sa nakikitang magandang hakbang ay ang pagdaraos ng sesyon ng Sangguniang Bayan sa mga barangay upang magkaroon ng diyologo at pakikipag-ugnayan sa mga taong-barangay at sa pamunuan nito;
- SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang kanilang regular na sesyon sa mga barangay sa pamamagitan ng isang prosesong pinagkaisahan ng lahat;

*[Handwritten signature]*

*[Handwritten signatures]*

SAPAGKA'T sa Maraska na siyang pangsiyam na barangay na pinagdausan ng sesyon ngayong Setyembre 27, 1999, naging maayos, mapayapa at mabunga ang sesyong naganap at ito ay dahil na rin sa mainit at malugod na pagtanggap na isinagawa ng Sangguniang Barangay at ng mga mamamayan ng Maraska.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Mae Arlene M. Talens na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang tauspusong pasasalamat sa Sangguniang Barangay ng Maraska at sa mga mamamayan nito sa mainit na pagtanggap sa Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ginawang pagpupulong sa nasabing barangay.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Maraska sa pamamagitan ni Punong Barangay Jerry Sim para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 27 Setyembre 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:

  
VIOLETA P. FUENTES  
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

  
GONZALO C. SÑIEL, JR.  
Pangalawang Punong Bayan/  
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

  
JESUS M. DIMAPILIS  
Punong Bayan